

Pag-iimpok Yugto 2

V. Mga hakbang upang gumawa ng isang estratehikong nakalaan: “34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan.” (Genesis 41:34 KJV) Wala nang ibang bahagi sa Banal na Kasulatan maliban sa salaysay ni Jose na binanggit na kailangang mag-ipon ng ikalima ng kita (20%). Nang harapin ni Jose si Faraon at sinabi ang katotohanan na kailangan niyang ipunin ang ikalima ng lahat ng kita ng Egipto, mukhang makatwiran ang bilang na iyon para kay Faraon pati na rin kay Jose. Malamang na napansin ni Jose ang marangyang pamumuhay ni Faraon ngunit pareho nilang nakita ito bilang makatwirang mungkahi. **Ang pagkain, damit, tirahan, kasangkapan, kagamitan sa bahay, transportasyon, iba't ibang uri ng komunikasyon, edukasyon sa iba't ibang antas, kalusugan at pangangalaga sa medikal, insurance, buwis, at bayarin sa gobyerno ay lahat mahalaga sa buhay ngayon. Pero kahit na sa mga ito, may ilan na mas mahalaga kaysa sa iba. Kung ang mga hindi gaanong mahalagang bagay ay aalisin sa listahan ng gastusin, at ang mas mahalagang bagay ay aalagaan nang maayos, magiging madali ang mag-ipon ng 20 porsyento ng taunang o buwanang kita.**

Ang tanong na laging itinatnong ay ‘Paano mag-impok? Ang pagdidisiplina sa ating sarili ang unang at pinakamahalagang hakbang patungo sa pagtitipid. Kung hindi natin susundin ang gabay ng Banal na Kasulatan na nagtuturo kung paano iwasan ang hindi kailangang gastusin, hindi tayo makakapag-ipon. Maaari tayong kumain ng maayos, magbihis nang maayos, mamuhay nang maayos, mag-aral nang maayos, makipag-usap nang maayos, at gawin ang lahat ng iba pang bagay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga gabay na ito:

1. Magsisi sa pagiging mayabang: Nagpagawa si Haring Solomon ng isang malaking trono para sa kanyang maupuan, “18 Bukod dito'y gumawa ang hari ng isang malaking luklukang garing, at binalot ng gintong pinakamainam. 19 May anim na baytang sa luklukan, at ang pinakalangit ng luklukan ay mabilog sa likuran: at may mga pinakakamay sa bawa't tagiliran sa siping ng dako ng upuan, at dalawang leon ang nakatayo sa siping ng mga pinakakamay. 20 At labing dalawang leon ang nakatayo roon sa isang dako at sa kabilang dako sa ibabaw ng anim na baytang: walang nagawang gayon sa alinmang kaharian. 21 At ang lahat na sisidlang inuman ng haring Salomon ay ginto, at ang lahat na sisidlan sa bahay na kahoy sa gubat ng Libano ay taganas na ginto: walang pilak; hindi mahalaga ito sa mga kaarawan ni Salomon.” (1 Hari 10:18-21 KJV) Kung ang isang tao, o simbahan, ay nais bumili ng isang bagay na nagdudulot sa kanila na gamitin ang pera mula sa kanilang estratehikong nakalaan, kailangan nilang itanggi ang kanilang sarili at gumawa ng isang bagay na mas mura na bagay na sapat upang mapunan ang pangangailangan. Kung ang ginastos ni Haring Solomon sa trono na iyon ay ang 20% na kailangan niyang ipon, maaari itong ituring na tunay na marangya. Kailangan nating maging maingat sa pagtanggap o pagsasagawa ng proyekto o mga proyekto na magpapahina sa ating pananalapi at ilalagay tayo sa pagkaka-utang, na aabutin ng malaking panahon sa ating buhay upang bayaran. Ngayon, kung tayo ay kikilos nang mali at gagawin ang ginawa ni Solomon at gagastos ng ganito kataas sa isang simpleng upuan, iyon ay pagpapakita lamang at pagyayabang.

“20 At ang lahat na sisidlang inuman ni Salomon ay ginto, at ang lahat ng sisidlan sa bahay na kahoy sa gubat ng Libano ay taganas na ginto; ang pilak ay hindi mahalaga sa mga kaarawan ni Salomon.” (2 Cronica 9:20 KJV) Ang mga gamit ni Solomon ay yari sa ginto. Kailangan ba talaga iyon? Hindi ba ito puro pagmamalaki at luho lang? Maari nating sayangin ang nasa kamay natin sa mamahaling kotse, damit, sapatos, cellphone, gintong alahas, kainan, biyahe at hindi kailangang paglalakbay, bakasyon, mamahaling hotel at iba pa, para lang magpasikat. May magandang bunga ba iyon? Isipin mo nga.

2. Iwasan ang mga luho at magpatayo ng mamahaling bahay: “37 Nang ikaapat na taon, sa buwan ng Ziph, inilagay ang mga tatagang-baon ng bahay ng Panginoon. 38 At nang ikalabing isang taon, sa buwan ng Bul, na siyang ikawalong buwan ay nayari ang bahay sa lahat ng bahagi niyaon, at ayon sa buong anyo niyaon. Na anopa't pitong taong ginawa.” (1 Hari 6:37-38 KJV) “1 At itinayo ni Salomon ang kaniyang sariling bahay na labing tatlong taon, at kaniyang nayari ang kaniyang buong bahay.” (1 Hari 7:1 KJV) Gumugol si Solomon ng mas maraming panahon sa pagtatayo ng kanyang sariling mga palasyo (13 taon) kaysa sa pagtatayo ng bahay ng Dios (7 taon). Maraming tao sa ngayon ang gumagasta ng maraming oras, pagsisikap, at pera para sa pagtatayo o pagbili ng mga bahay na hindi naman nila tinitirhan. Hindi masama ang magtayo o bumili ng bahay, pero kung bumili o magtayo lang tayo para paupahan o para may ibang titirhan, sayang lang lalo na kung kailangan pa nating bayaran ang utang na ginawa para itayo iyon. Bukod pa rito, hindi rin angkop ang gamitin ang mayroon tayo nang mga ari-arian (mga bahay) sa oras ng pangangailangan. Kung nangangailangan tayo ng pera agad, hindi natin mabilis na maipagbibili ang ari-arian kasabay ng bahay. Kahit ipagbili natin ito, maaaring hindi natin makuha ang halaga ng pera na kailangan natin o mabalik ang halagang ginastos natin dito. Kung kailangan nating bumili o magtayo ng bahay para titirhan kaagad, saka lang sulit pasukin ang proyektong ito ngunit dapat may handa tayong pera para dito..

3. Tiqilan ang paggastos sa mga kaibigan o tao dahil lang humahanqa sila sa atin: Gumugol si Haring Solomon ng marami para sa reyna ng Sheba. “13 At ang haring Salomon ay nagbigay sa reyna sa Seba ng

lahat niyang naibigan, at lahat niyang hiningi, bukod doon sa ibinigay ni Salomon sa kaniya na kaloob-hari. Sa gayo'y bumalik siya, at umuwi sa kaniyang sariling lupain, siya, at ang kaniyang mga lingkod.” (1 Hari 10:13 KJV) “12 At ang haring Salomon ay nagbigay sa reina sa Seba ng lahat niyang nasa, anomang hiningi niya, bukod sa timbang ng kaniyang dinala sa hari. Sa gayo'y siya'y bumalik, at umuwi sa kaniyang sariling lupain, siya at ang kaniyang mga lingkod.” (2 Cronica 9:12 KJV) Binigyan niya siya ng mas marami kaysa sa naibigay sa kanya. Bakit niya ginawa iyon? Dahil sa kanyang kahambugan. Ganoon din tayo minsan, at gumagastos ng sobra sa mga tao o kaibigan nang hindi kinakailangan, dahil lang pinapalakas nila ang ating kahambuhan. Binibigyan natin sila ng regalo at pinapangalagaan ang ilang tao para makuha ang kanilang pabor at pagsang-ayon.

*“16 Ang pumipighati sa dukha upang magpalago ng kaniyang pakinabang, at ang nagbibigay sa mayaman, ay humahangga sa pangangailangan lamang.” (Kawikaan 22:16 KJV) * Dito sa salawikaing ito, nagkakaroon ng kakulangan o kahirapan kapag ginawa natin ang dalawang bagay na nabanggit sa ibaba: *Una*, kapag inaapi natin ang mahihirap at sinasamantala sila, nang hindi binabayaran ang kanilang sahod. *Pangalawa*, kapag nagbibigay tayo ng regalo sa mayayaman. Ginagawa natin ito para makuha ang kanilang pabor at pagsang-ayon. Mas pinagkakatiwalaan natin sila kaysa sa Dios, kaya kapag ginawa natin ang mga bagay na ito, pinapagalit natin ang Dios at dadalhin sa atin ang kahirapan at mawawala sa atin ang paglingap ng Dios. * Hindi natin kailangan gumastos para sa mayayaman o magbigay sa kanila ng regalo. Kapag ginawa natin iyon, nasasayang lang ang ating pinaghirapan at nakakadagdag ito sa ating kahirapan. Kung ganyan ang ating asal, hindi tayo gagantimpalaan ng Dios sa ganitong pagsasayang.*

*Ang ibang tao ay gumagamit ng kanilang pera para makipagkaibigan para sa huli'y makatulong ang mga kaibigan na iyon. Ngunit iyon ay pandaraya at nagpapakita ng kakulangan sa pananampalataya sa Dios. Sinasabi sa *Kawikaan 19:4*, “4 Ang kayamanan ay nagdadagdag ng maraming kaibigan: nguni't ang dukha ay hiwalay sa kaniyang kaibigan.” (Kawikaan 19:4 KJV) Kung gagamitin mo ang iyong pera upang magkaroon ng mga kaibigan upang para sa iyo ay lumawak ang iyong sariling mga plano, kung gayon makatiyak na ang iyong pera ay mawawala. “6 Marami ang mamamanhik ng lingap sa magandang-loob: at bawa't tao ay kaibigan ng nagbibigay ng mga kaloob.” (Kawikaan 19:6 KJV) nakikipagkaibigan ang mga tao sa mga nagbibigay ng regalo. Ngunit ang mga nagbibigay ng regalo (pagkain, pera, bulaklak) ay dapat maunawaan na hindi mananatili sa kanila ang kanilang pera. Sinsayang lang nila ang kanilang pera. Sa halip, kahirapan ang sasama sa kanila.*

Ipinagkakaloob ng Panginoon sa ating mga kamay ang maraming yaman at biyaya at nakasalalay sa atin kung susayangin ba natin ito para sa ating sarili at sirain ang ating buhay pati na rin ang buhay ng ating mga anak at disipulo, o iingatan at pahahalagahan ang ibinigay ng Panginoon sa atin at maging mabuting tagapangalaga; sa ganitong paraan masisiguro natin na ligtas ang ating buhay at ang buhay ng ating mga disipulo at mga anak sa hinaharap.

May katuturan para kay Faraon nang sinabi ni Jose sa kanya na mag-ipon ng 20 porsyento ng kabuuang kita ng Egipto sa buong taon. Walang duda na namuhay siya nang marangya at nagpakasaya sa luho, pgunnit nagpakumbaba siya kay Jose at sa Salita ng Dios na natanggap niya sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ni Jose sa kanyang sariling panaginip.

4. Paggamit ng libreng mga mapagkukunan: *“1 Oh lahat na nangauuhaw, magsiparito kayo sa tubig at siyang walang salapi; magsiparito kayo, kayo'y magsibili, at magsikain; oo, kayo'y magsiparito, kayo'y magsibili ng alak at gatas ng walang salapi at walang bayad.” (Isaias 55:1 KJV) Ito ay isang paanyaya mula sa Panginoon na gamitin ang mga yaman na na malayang makukuha sa kalikasan at sa iba't ibang pribilehiyo at serbisyo sa buhay. May libreng pagkain, tubig, kuryente, internet, telepono, transportasyon, prutas, gulay, at iba. Hanggang ang mga ito'y mula sa Panginoon, magagamit natin ang mga ito bilang libreng yaman. Makakatulong ito sa amin na makapag-ipon ng malaking bahagi ng aming kita para sa hinaharap.*

5. Huwag gumastos sa mga hindi kailangang bagay: *“2 Ano't kayo'y nangaggugugol ng salapi sa hindi pagkain? at ng inyong gawa sa hindi nakabubusog? inyong pakinggan ako, at magsikain kayo ng mabuti, at mangalugod kayo sa katabaan.” (Isaias 55:2 KJV) Ipinapayo ni Isaias na gastusin natin ang pera sa mga mahahalaga at hindi sa mga walang kwentang bagay na nakakasama. Halimbawa, kailangan bumili ng gatas para sa mga bata dahil mahalaga ang gatas. Ngunit hindi natin kailangang gumastos sa soft drinks dahil hindi naman ito kailangan. Kailangan tayong gumastos sa bigas, tinapay, gulay, at karne, ngunit hindi natin kailangang gumastos sa tsokolate, chips, at kendi.*

Kailangan nating bawasan ang hindi kailangang gastos para makapag-ipon at magkaroon ng mas maraming pera para maabot ang mga bagong lugar sa pamamagitan ng Evangelio. Kailangan nating iwasan ang hindi kailangang bagay, tulad ng makeup, alahas, ginto, accessories, at pabango. Ngunit ang toothpaste at toothbrush, ilang deodorant, aftershave, ilang cream, at lotion ay mahalaga, ngunit ang iba pa ay dapat nating tanggalin sa

listahan. Hindi natin kailangang magsuot at gumamit ng branded na bagay dahil mataas ang presyo nila. Basta ang payak, mura, ngunit epektibo ay okay na gamitin, para mas maipon natin ang natitirang pera at maabot ang mga nawawala.

Dapat nating iwasan ang paggastos sa ilang bagay kahit na mura lang ang mga ito ngunit hindi naman kailangan, dahil sa paglipas ng panahon, mauubos nito ang ating pinanalapi na yaman. Ang isang lata ng soft drink na nagkakahalaga ng mga 35 cents sa isang araw ay aabot ng 127.75 dolyar sa isang taon. Sa loob ng sampung taon, magiging 1277.5 dolyar ito. Kung apat ang tao sa bahay; sa loob ng sampung taon kailangan nilang gumastos ng 5110 dolyar para lang sa soft drinks. Sa halagang 5110 dolyar, puwede na tayong bumili ng kotse na makakatulong sa ministryo. Ganito rin ay mailalapat sa candies, chewing gums, atbp. Kapag regular natin itong ginagawa, maapektuhan nito ang ating budget. Simpleng bagay na hindi natin napapansin ay puwede nang magpalayo ng yaman mula sa atin. Maaari tayong gumastos ng 2-5 dolyar at pagpalain ang isang tao ng Bibliya na pinakamahalaga at walang katumbas na regalo. Kaya, maging matalino tayo at alamin ang kung ano ang kailangan at hindi kailangan.

6. Huwag hayaang masayang ng kahit ano: Iwasan ang anumang uri ng pagsasayang. Ang tuntuning ito ay makikita sa *Juan 6*. Binigyan sila ni Jesus ng sumusunod na tagubilin: **“12 At nang sila’y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang.”** (*Juan 6:12 KJV*) Sinabi ng Panginoon, **“upang walang anomang masayang.”** Ang mga disipulo ay hindi nagtatapon ng kahit ano. Kung sasayangin natin ang ating mga pinagkukunang-yaman (tubig, kuryente, tinapay, pagkain, atbp.) hindi tayo makakaipon ng kayamanan. Ang maling paggamit ng mga yaman ay maaaring kunin sa atin at sa ating mga anak sa hinaharap ang kayamanan, ngunit ang tamang paggamit ay maaaring maging biyaya sa mga tao. Isang malaking porsyento ng mga tao ay kinakain ang pagkain sa unang araw, ngunit sa ikalawang araw ay hindi na nila kakainin ang natira at itatapon na lang nila iyon. Ang pagkaing ito ay naglaan ng oras, pagsisikap, at pera para ihanda. Kung sayangin natin araw-araw ang isang dolyar dahil sa pagkain na itinatapon natin, sa loob ng isang taon ay nasasayang natin ang 365 dolyar, at sa loob ng sampung taon ay mawawala sa atin ang 3650 dolyar. Mga simpleng bagay na hindi natin napapansin ay maaaring magastos sa atin ng malaking halaga. Natututo tayo dito mula sa Salita ng Dios sa pamamagitan ng mga salita ni Jesus. Pinakain Niya ang karamihan ng tinapay at isda, hindi lamang ng 3 o 4 na bagay, at ang natira ay inilaan para sa susunod na araw. Ang napakagandang aral!

Bakit kailangan nating mag-ipon? Ang sumusunod na Kasulatan ang magbibigay ng sagot:

a. “15 Ang kayamanan ng mayaman ay ang kaniyang matibay na bayan: ang kapahamakan ng dukha ay ang kanilang karalitaan.” (*Kawikaan 10:15 KJV*) May mga tao na hindi iniisip ang mag-ipon, at ginagastos nila lahat ng natatanggap nila, at kapag nagkaroon sila ng biglang pangangailangan sa kanilang buhay, mahihirapan sila at mangangailangan. Kapag wala sa ating pag-iisip ang salitang pag-iipon, lalo tayong magiging biktima ng utang. Ang hindi matalinong paggastos at ayaw mag-ipon ay magdudulot ng gulo sa ating buhay sa anyo ng utang, pautang sa bangko, at pagbagsak sa pananalapi, at maiiwan tayong walang magagawa sa oras ng biglang pangangailangan, na wala kang maaasahan.

“Ang kayamanan ng mayaman ay ang kaniyang matibay na bayan”: Ang mga kayamanan ay katulad ng isang matibay na bayan. Dumarating ito sa ating tulong sa panahon ng kagipitan. Ang paglilingkod sa Panginoon gamit ang ating mga espirituwal na kaloob ay tiyak na isang kalamangan, pero kung may materyal tayong kayamanan, maaari nating gastusin at bayaran ang lahat ng gastusin sa ministryo. Mas lalo pang maganda kung may kayamanan kasabay ng espirituwal na kaloob. Hindi pera ang magdadala ng Evangelio kundi ang Banal na Espiritu ang gumagamit ng materyal na bagay para suportahan ang mga ginagamit Niya na magdala ng Evangelio. At ang Banal na Espiritu ngayon ang naggagabay at nagtuturo sa atin na mag-impok at maging mabuting katiwala.

“ang kapahamakan ng dukha ay ang kanilang karalitaan.” Ang kahirapan ang nagpapahina sa mga tao at nagpapadali sa kanila na maging biktima ng iba’t ibang panganib tulad ng sakit, pang-aapi, kawalang-katarungan, at pang-aabuso. Ang kahirapan ay hindi kasalanan, pero kapag sinasamantala ito ng maling pamamahala, nagiging kasalanan ito at nagiging daan para makapasok ang iba pang mapanganib na kasalanan sa buhay ng isang tao at magdulot ng kapahamakan.

b. “24 Ang putong ng mga pantas ay ang kanilang mga kayamanan: nguni’t ang kamangmangan ng mga mangmang ay kamangmangan lamang.” (*Kawikaan 14:24 KJV*)

“Ang putong ng mga pantas ay ang kanilang mga kayamanan”: Ang matalino at maka-Dios ay makikinabang sa kanilang yaman. Ito ay magiging isang pag-aari para sa kanila. Nais ng Bibliya na kumilos tayo nang matalino pagdating sa pera at kailangan nating mag-ipon ng yaman para sa maka-Dios na layunin. Mayaman si Abraham, mayaman si Isaac mayaman si David, mayaman si Solomon, at ang kanilang yaman ay ginamit para

sa kaluwalhatian ng Dios. Nagtabi si David ng malaking halaga ng mga kayamanan at iningatan ito para sa kanyang anak na si Solomon upang itayo ang templo ng Dios. **Kaya ang yaman at kakayahan na ibinigay sa atin ng Dios upang magkaroon ng yaman ay dapat gamitin para sa layunin ng Dios at para sa Kanyang kaluwalhatian, upang itayo ang Kanyang simbahan.**

“nguni’t ang kamangmangan ng mga mangmang ay kamangmangan lamang.” Ang mga walang ipon ngunit sinayang ang kanilang yaman ay hangal, makasalanang, at ganap na masama dahil nagdalawang-isip silang magkaroon ng yaman; ipinagkibit-balikat nila ang layunin ng Dios sa kanilang buhay at naging masamang katiwala.

c. **“22 Ang mabuti ay naqiiwan ng mana sa mga anak ng kaniyang mga anak; at ang kayamanan ng makasalanang ay nalalagay na ukol sa matuwid.” (Kawikaan 13:22 KJV):** Nag-ipon si David para sa kanyang anak na si Solomon upang itayo ang templo ng Dios. Kailangan nating mag-iwan ng pamana para sa ating mga anak, na siyang susunod na henerasyon, upang matulungan silang dalhin ang Evangelio sa iba. Habang nagsusumikap tayong mag-ipon, ang ating mga anak at disipulo na mamumuno sa simbahan sa hinaharap ay magkakaroon ng sapat na mga pinagkukunan para pamahalaan ang mga bukid at ipagpatuloy ang gawaing misyon ng Dios na Kanyang sinimulan, hanggang sa Kanyang pagbabalik. Kailangan natin silang turuan na gawin din ang parehong bagay upang magpatuloy ang ganitong trend sa mga susunod na salinlahi.

“14 Narito, ito ang ikatlo na ako’y handang pumariyan sa inyo; at ako’y hindi magiging pasanin ninyo: sapagka’t hindi ko hinahanap ang inyo, kundi kayo: sapagka’t hindi nararapat ipagtipon ng mga anak ang mga magulang, kundi ng mga magulang ang mga anak.” (2 Corinto 12:14 KJV) Sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto na hindi niya hinahangad ang mga materyal na bagay na kanila. Ipinahayag din niyang ipinaliwanag sa kanila na hindi dapat nag-iipon ang mga anak para sa kanilang mga magulang, kundi ang mga magulang ang dapat mag-ipon para sa kanilang mga anak. Ngunit ngayon, sa maraming pagkakataon, kabaligtaran ang nangyayari; ang mga magulang ay hindi nag-iiwan ng anumang mana o materyal na bagay para sa kanilang mga anak, sa halip, ang mga anak ang tumutulong at sumusuporta sa kanilang mga magulang. Bukod pa rito, may ilang magulang na umaasa sa pagtatrabaho ng kanilang mga anak upang masuportahan sila, at ito ay taliwas sa sinasabi ng Banal na Kasulatan.

d. **“9 Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka’t nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha.” (Kawikaan 22:9 KJV):** Sinasabi dito na ang taong may magandang loob na mata na nagmumula sa mapagbigay na puso ay pagpapala dahil ibinibigay niya ang kanyang tinapay sa mgadukha. **Kaya naman, kailangan nating mag-ipon, para maibahagi natin sa mga dukha at lalo tayong pagpapalain. Kung tayo’y dukha, hindi natin kayang magbahagi at hindi rin tayo magiging pagpapala sa ating sarili o sa iba.**

Hindi kahiya-hiya ang maging mahirap, pero kahiya-hiya at kasalanan kung hindi natin alam kung paano makaalis sa kahirapan, pamahalaan ang ating buhay ayon sa kalooban ng Dios, at matutong mag-ipon at gumawa ng kayamanan ayon sa tuntunin ng pang-Banal na Kasulatan. Kaya sa ating pagsisikap na tulungan ang mahihirap, kailangan natin silang turuan kung paano tuluyang makaalis sa kahirapan at magsimulang tumulong sa iba.

Nagbibigay tayo ng limos para tulungan ang mahihirap dahil mahal natin ang Dios at mahal natin ang ating kapwa. Inirerekomenda ni Jesus na magbigay tayo ng limos at tumulong sa mga nangangailangan. Pinangako Niya sa atin ang gantimpala mula sa Dios Ama kapag ginawa natin ito nang may mabuting puso. **“4 Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka.” (Mateo 6:4 KJV)**

Ang pagbibigay ng mga limos ay isang dakilang tungkulin o isang tungkulin ng lahat ng mga alagad ni Cristo, ayon sa kanilang kakayahan, dapat sagana sa. Ang pagbibigay ng limos ay katuwiran, **“9 Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan; ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan.” (Awit 112:9 KJV)** **“2 Mga kayamanan ng kasamaan ay hindi napapakinabangan: nguni’t ang katuwiran ay nagliligtas sa kamatayan.” (Kawikaan 10:2 KJV)** Na ang ibinibigay sa mga dukha ay karapatan nila, **“27 Huwag mong ikait ang mabuti sa kinauukulan, pagka nasa kapangyarihan ng iyong kamay na ito’y gawin.” (Kawikaan 3:27 KJV)**

Totoo na ang ating mga limos ay hindi sapat para karapat-dapat tayong makapunta sa Langit, ngunit totoo rin na hindi tayo makakapunta sa Langit kung wala ang mga ito. Ito ay purong relihiyon, **“27 Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan.” (Santiago 1:27 KJV)**

Ang limos ay makakagawa pa sa atin ng mga sumusunod:

- **Bigyan tayo ng gantimpala sa mga pansamantalang bagay nang sagana:** “24 May nagsasabog, at tumutubo pa, at may humahawak naman ng higit kay sa karampatan, nguni't nauuwi lamang sa pangangailangan. 25 Ang kaluluwang mapagbigay ay tataba: at siyang dumidilig ay madidilig din.” (Kawikaan 11:24-25 KJV) “17 Ang naaawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon, at ang kaniyang mabuting gawa ay babayaran sa kaniya uli.” (Kawikaan 19:17 KJV)
- **Seguridad laban sa kakulangan:** “27 Siyang nagbibigay sa dukha ay hindi masasalat: nguni't siyang nagkukubli ng kaniyang mga mata ay magkakaroon ng maraming sumpa.” (Kawikaan 28:27 KJV) “21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli: nguni't ang matuwid ay nahahabag, at nagbibigay.” (Awit 37:21 KJV) “25 Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda; gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan, ni ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay.” (Awit 37:25 KJV)
- **Ginhawa mula sa paghihirap:** “1 Mapalad siya na nagpapakundangan sa dukha: ililigtas siya ng Panginoon sa panahon ng kaligaligan. 2 Pananatilihin siya, at iingatan siyang buhay ng Panginoon, at siya'y pagpapalain sa ibabaw ng lupa; at huwag mong ibigay siya sa kalooban ng kaniyang mga kaaway.” (Awit 41:1-2 KJV)
- **Karangalan at magandang pangalan:** “9 Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan; ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan.” (Awit 112:9 KJV)
- **Gantimpala sa muling pagkabuhay ng mga matuwid na may walang hanggang yaman:** “14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap.” (Lucas 14:14 KJV)

Paano tayo makakapag-impok o mapanatili ang pera? Iniisip ng ilan na tanging mga taong may malaking kita, magandang trabaho, kilalang propesyon, o mataas na sahod lang ang makakatipid o magkakaroon ng yaman. Mali iyon. Kailangan nating malaman na kahit ang mga may mababang kita at simpleng trabaho ay maaari pa ring makapag-ipon kung gagawin natin ang mga sumusunod:

- Magtrabaho nang masipag
- Maging tapat at taos-puso
- Magbigay ng ikapu nang tama at ibigay ang nararapat sa Dios
- Magpraktis ng pagiging matipid
- Magkaroon ng disiplina sa pamamahala ng pera; gamitin ang libreng mapagkukunan at gastusin lamang sa mga kinakailangan at mahahalagang bagay
- Mamuhay nang banal
- Maging masigasig sa pag-iipon

“11 Ang kayamanang tinangkilik sa walang kabuluhan ay huhupa: nguni't siyang nagpipisan sa paggawa ay mararagdagan.” (Kawikaan 13:11 KJV) Matututo tayo mula sa Mga Kawikaan na mamuhay nang banal at mag-ipon ng pera, hindi kailangang malaking halaga, kundi paunti-unti sa pamamagitan ng kasipagan hanggang sa ito'y lumaki. Sundin natin ang lahat ng tuntuning at pamamaraan ng pag-iipon na nabanggit sa mensaheng ito. Isagawa rin natin ang disiplina sa mga bagay na may kinalaman sa pera upang mapangalagaan ang yaman na magagamit para sa pangangailangan ng ating pamilya, simbahan, at pagpapalawak ng Kaharian ng Dios.

“17 Ang umiibig ng kalayawan ay magiging dukha: ang umiibig sa alak at langis ay hindi yayaman.” (Kawikaan 21:17 KJV) Ilang bagay pa bukod sa nabanggit sa itaas na talata ang nagpapahirap sa atin: pagmamahal sa kasiyahan, pagbibigay-laya sa kasalanan, pagsasayang ng pera, pag-inom ng alak, pagtangkilik sa makamundong bagay, pagkain ng mamahaling pagkain, at iba pa. Lahat ng ito ay nagpapahirap sa atin. Bukod dito, sinasabi ng Bibliya, **“17 Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi ang pagkain at paginom, kundi ang katuwiran at ang kapayapaan at ang kagalakan sa Espiritu Santo.”** (Roma 14:17 KJV) Ang Kaharian ng Dios ay pananalangin at pag-aayuno at pag-aayuno at hindi pagdiriwang o pakikilahok sa mga pagtitipon.

Ngayon, ang mga simbahan ay naging mga sentro ng pakikisalamuha kung saan ang pera ay ginagastos nang padalus-dalos at marangya para sa pag-aayos ng mga pagsama-sama, pagtitipon, at pagdiriwang para makuha ang pabor at pangsang-ayon ng mga tao. Tandaan, darating sa kahirapan ang mga simbahan na ganito at hihinto ang gawain ng Dios. Halimbawa, kung bawat linggo ay may pagdiriwang, gaano karaming pera ang magagastos sa pagkain, damit, paghahanda, at mga regalo? Lahat ng iyon ay may halaga, at kung imumultiply natin para sa isang taon, gaano na iyon? Halimbawa, kung gumastos tayo ng 50 dollars para sa sampung tao, para sa pagkain sa isang maliit na party sa loob ng isang linggo, per taon ito ay aabot ng 2600 dollars; at per sampung taon, magiging 26000 dollars. Simpleng bagay na nagkakahalaga ng kaunti, sa mahabang panahon ay babalik sa atin ng malaki. Sa halip na ipunin ang perang iyon, maaring malagay tayo sa utang. Darating ang kahirapan sa ating buhay dahil hindi natin inipon ang perang ito na maaaring gamitin sa hinaharap para sa kaluwalhatian ng Dios.

Huwag nating sayangin ang pera kundi gamitin ito sa tamang layunin. Dapat nating malaman kung paano maging disiplinado at iwasang sayangin ang mahalagang yaman na ito na maaaring gamitin upang baguhin ang buhay.

Maraming bagay na ginagawa natin ng hindi kailangan na humahadlang sa atin na makapag-ipon; paggawa ng mga pagtitipon at pagdiriwang, pagkain sa mga restaurant, pagbibigay ng regalo, paggamit ng taxi at mamahaling transportasyon, hindi paggamit ng pampublikong transportasyon at bus, pagkain ng luto ng pagkain at hindi pagluluto sa sariling kamay, pagkain ng mamahaling pagkain, pagbili ng mga bagay na hindi natin kailangan, paglalakbay at mga pamamasyal at holiday, multa at parusa dahil sa kapabayaang; lahat ng ito ay malalaking gastos at gumagamit ng pera at mga bagay na humahadlang sa atin na makapag-ipon. Ito ang mismong mga bagay na kumukuha sa ipon. **Ang punto dito ay kung hindi natin iniisip na mag-ipon at hindi natin ito sineseryoso, hindi natin kakayaning mag-ipon.** Halimbawa, iniisip ko ang mga sumusunod sa aking isipan: *‘Hindi ko kailangan magpraktis sa pagbibigay ng regalo dahil wala akong pera na ilalaan para dito.’* Isa pang halimbawa, *‘Hindi ko ginagawang kumain sa mga restawran para hindi mapunta ang aking pera sa ganitong direksyon, para may pera pa ako na maibabahagi; makapagbibigay ako ng Bibliya para maabot nito ang mga nawawala, at makakatulong ako sa mga nangangailangan sa ilang mga biglang pangangailangan.’*

Sa aking mahal at Minahal: Ang pamumuhay nang may karunungan at pagsunod sa kalooban ng Dios at sa Salita ng Dios ay tiyak na makakapag-ipon ng yaman na magiging malaking tulong sa paglapit ng mga kaluluwa sa Dios at pagpapahanda sa kanila para tamasahin ang buhay na walang hanggan sa kaluwalhatian ng Dios at sa pagpapalawak ng Kanyang Kaharian sa lupa. **“15 Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. 16 Sapagka’t ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. 17 At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa’t ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man.”** (1 Juan 2:15-17 KJV) * Mahigpit na disiplina ay nagsisimula sa puso ng tao. Wala sinuman ang maaring pilitin ang iba na magbago maliban na lamang kung ang tao mismo ay magpapasya na gawin iyon. Ang desisyon ay nagmumula sa loob. Kailangan na mapanibago at mabago ang ating isipan upang hindi na tayo mahilig sa makamundong bagay sa gayo’y hindi masasayang ang ating pera sa mga bagay na makasalanan, makamundo, at hindi kailangan. * Mamahaling pagkain, mga pagdiriwang, pagpapalitan at pagbibigay ng regalo, mga biyahe, panonood ng tanawin, at mga paglalakbay na walang layunin ay hindi pag-ibig sa Dios kundi lahat ay makamundo. Ang ating pagkakamundo ay hihigop at uubusin lahat ng ating pinanalapi na yaman. At kapag talagang kailangan na natin at kailangan gumastos, doon natin matatagpuan na wala tayong pera - iyon ay hindi pag-ibig sa Dios! Kailangan nating ayusin ang ating mga isip sa kung ano ang totoo, kagalang-galang, at tama, at dalisay, at kaaya-aya, at kahanga-hanga. Kailangan nating mag-isip tungkol sa mga bagay na mahusay at karapat-dapat papurihan at ayusin ang ating buhay ayon dito. Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako’y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagtuturo sa akin na mag-ipon ng isang-kalimang bahagi ng aking kita. Panginoon, salamat sa lahat ng pagtuturo, pagsuway, pagwawasto at mga paalala na natanggap ko sa mensaheng ito.

Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong masamang pagpapamahala at pagsasayang ng iyong mga yaman sa mga kaibigan, mayayaman, at upang mapasaya ang iba. Magsisi sa iyong kayabangan, pagmamataas, pagyayabang at pagpapakita ng kayabangan. Magsisi sa iyong pagiging makalupa, sa iyong pagmamahal sa mga materyal na bagay at sa hindi kinakailangang paggasta sa mga makamundong bagay tulad ng mga pagdiriwang, paglalakbay, pagbili ng mamahaling kasangkapan, ginto, alahas, kotse, atbp. Magsisi sa iyong katigasan ng ulo at hindi kahandaang tumanggap ng babala. Magsisi sa hindi kahandaang mag-ipon. Ipagtapt ang iyong hindi kahandaang tulungan ang mahihirap at nangangailangan. Ipagtapat ang iyong kayabangan at hindi kahandaang sumunod sa Kanyang kalooban at sa plano na mayroon Siya para sa iyo. Magsisi sa iyong walang kahandaang magdusa para kay Cristo at maglingkod sa Kanya. Panginoon Ako’y nagsisisi at tinalikuran ang mga sumusunod na mga kasalanan.

Panginoon Ipinapangako ko sa aking sarili na mamuhay nang banal at ayon sa mga tuntunin na natanggap natin mula sa iyong Salita upang maging mabuting tagapamahala, magsimulang mag-ipon at tipunin ang sobra na binibigay mo sa akin at itabi para sa hinaharap. Panginoon, ipinapangako ko sa aking sarili na putulin ang lahat ng hindi kinakailangan at mas kaunting mahahalagang gastos. Panginoon, ipinapangako ko sa aking sarili na huwag gamitin ang mga regalo at pera upang mapabilib ang ibang tao, at iwasan ang mga pagdiriwang, at ang pagkain ng mamahaling pagkain at pagkain sa mga restoran. Panginoon, handa akong sundan ang mabuting plano na mayroon ka para sa akin at bumuo ng estratehikong nakalaan para sa

hinaharap. Panginoon, ipinapangako ko sa aking sarili na paglingkuran ka at magtiis para sa iyong layunin sa paglilingkod sa aking buhay at sa buhay ng mga tao.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang sundin ang iyong mga turo at ang paraan ng pamumuhay na gusto mong kanilang sundin. Panginoon, patuloy mo silang linisin mula sa pagiging makamundo at mula sa paggawa ng kanilang sariling kalooban at plano. Panginoon, baguhin mo sila at gamitin ang kanilang buhay para makaakit ng iba na sundan ka.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan para patuloy na magturo tungkol sa pamamahala sa buhay at sanayin ang mga miyembro na patuloy na mag-ipon at mahusay na pamahalaan ang kanilang buhay at gastusin sa paghahanda para sa estratehikong nakalaan sa hinaharap. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga Espirituwal na kaloob na aming kailangan sa aming buhay para mangaral, gumawa ng bagong mga alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa para magsagawa ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at magtayo ng mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas marami pang taong mabautismuhan sa Bautismo sa Tubig at tatanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating na sumama sa iyo kapag ikaw ay dumating. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

